# Sa Dayuhan na Sumali sa Kobe National Health Insurance

## 1 Mangyaring siguruhin na makarating ang ipinadala sa post office

① Ang householder ay ang may kwalipikasyon at obligasyon sa insurance premium at responsibilidad niya na ipagbigay-alam ang pagkawala nito

② Ipinapadala sa pamamagitan ng post office ang mga Insurance Card o Insurance Premium at mga dokumento tungkol sa Health Insurance na naka-pangalan sa householder, ipadala sa pamamagitan ng postal ang mga dokumento tungkol sa National Health Insurance at isulat ang pangalan ng householder sa likod ng sobre.

## 2 Tungkol sa Insurance Premium

① Ang Insurance Premium ay, tumutukoy sa halagang babayaran depende sa kinikita at ibinabawas ng lokal na buwis (pagkatapos ng basic income exemption) ng lahat ng taong kalahok dito. Sa karagdagan, mababawasan ang insurance premium depende sa halaga ng kinita sa nakaraang taon ( ibabawas sa income ang mga necessary expenses) ng lahat ng householders (kasama na dito ang miyembro ng pamilya ng householder na hindi kasali sa insurance at miyembro ng pamilya na kasali dito). Kung hindi alam o hindi malinaw ang tax data, magpapadala kami ng dokumento upang alamin ang inyong income, kung kaya't sulatan ito at ipadala o isumite sa ward office ng inyong tinitirahan, o sa counter ng sangay ng National Health Insurance.

② Ang pagkolekta ng insurance premium fee ay magsisimula sa buwan na ma-qualified.(hindi magsisimula sa buwan kung kailan nag-apply).

③ Karagdagan din na, kung mawawala ang karapatan sa pagsali dito, kakailanganing bayaran ang insurance premium ng nakaraang buwan bago mawala ang karapatang sumali.

④ Kung madaragdagan ang miyembro ng pamilya na sasali sa National Health Insurance ay magkakaroon ng bagong pagtutuos tungkol sa insurance premium.

## 3 Kung ang kasali ay lumabas ng siyudad o limipat ng tirahan

Mag-i-inquire ang Kobe City sa dating munisipalilidad ng dating tirahan ng kasali, at sa oras na dumating ang kasagutan, malalaman kung may mga income discount premiums at iba pa. Sa kadahilanang ito, kinakailangan ang muling pagtutuos ng halaga ng insurance premium at ito ay ipagbibigay-alam sa kasali.

## 4 Tungkol sa paraan ng pagbabayad ng Insurance Premium

①Ang insurance premium ay, 10 beses binabayaran simula Hunyo hanggang Marso ng susunod na taon. Maaaring bayaran ito ng direct deposit o kaya ay sa pamamagitan ng payment slip at Payment by Financial Institution Window, Yuucho Bank, post office, convinience store, ward office at mga sangay. Maaari ding gawin ang pagbabayad gamit ang application ng smartphone.

②Sa pangkalahatan, hinihiling na magbayad sa pamamagitan ng direct deposit.

※ang withdrawal ay tuwing ika-27 ng buwan (sa susunod na working day kung matatapat ito ng holiday)

※Ang pag-aapply ng direct deposit ay, sa pamamagitan ng pag-fill-up ng Account Transfer Application Form na ibibigay kapag nag-apply para sumali sa Insurance. Pagka-fill up nito, maaaring ipadala o direktang dalahin sa financial institution.

※Kung mayroong cash card ay maaaring mag-apply ng direct deposit sa window ng ward office at mga sangay ng National Health Insurance. Mangyaring magtanong lamang sa counter ng National Health Insurance sa Ward office at mga sangay nito para sa iba pang impormasyon.

## 5 Hinihiling na bayaran ang insurance premium bago lumampas ang ibinigay na hangganang araw.

① Ang National Health Insurance ay, sistema ng pagtutulungan upang makapagpagamot ng maayos sa sandaling magkasakit o masugatan. Ang insurance premium ay, ang mahalagang pagkukuhanan ng mga gastusin sa pagpapamot, kung kaya' t siguraduhin na makakabayad sa tamang panahon.

② Depende din sa dahilan, kung sakaling mawalan ng trabaho o mawala ang pinagkakakitaan ng ikabubuhay at mahihirapan sa pagbabayad ng hulog sa insurance ay maaaring sumailalim sa pagbabawas at exemption ng insurance premium, mangyaring makipaag-ugnayan po lamang sa amin.

③ Magbibigay kami ng insured person certificate (short term certificate) sa mga atrasado sa pagbabayad. Bilang karagdagan, aabisuhan sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpapadala ng sulat upang mapa-alalahanan.

④ Kung hirap sa pagbabayad nito, maaaring kumunsulta para maging hulugan ang pagbabayad.

⑤ Kapag lumampas ang palugit na araw at hindi ito nabayaran ay magkakaroon ng karagadagan bilang penalty.

⑥ Sa pagkakataong delayed ang pagbabayad ng insurance premium, maaaring mabigyan ng qualification certificate ang taong kasali ( nagbayad sa lahat ng gastos sa ospital habang nagpapagamot). Magkakaroon ng imbestigasyon tungkol sa pagkukunan ng pambayad (savings, life insurance, income, real estate at iba pang ari-arian) at maaaring magkaroon ng pag-ipit sa mga ari-arian dahil sa hindi pagbabayad ng buwis.

## 6 Nais lumipat ng tirahan, umuwi ng sariling bansa

Sa mga nagbabalak lumipat ng tirahan na nasasakupan ng kaparehong ward o city mga nais lumipat ng tirahan na hindi nasasakupan ng dating city o sa mga nais bumalik sa sariling bansa, dalahin counter ng National Health Insurance sa ward office at mga sangay nito ang inyong insurance card, seal, passport, registration card o special long-term registration card at ipaalam ang tungkol sa paglipat.

※Sa mga lilipat ng tirahan na sakop pa rin ng dating ward at city, pumunta sa pinakamalapit na ward office at ipagbigay-alam

※Sa mga lalabas ng basa at may pahintulot na makabalik ay hindi na kinakailangang ipagbigay-alam

※Pagbabayarin ng insurance premium ang mga umuwi ng sariling bansa at lumipat ng tirahan sa ibang city na hindi ipinagbigay-alam sa award office.

## 7 Kung kasali na sa ibang Health Insurance

Kung kasali sa Social Insurance, mangyaring pumunta sa ward office, o sa mga sangay na tanggapan ng National Health Insurance at mag-proseso ng papel upang mawala sa National Health Insurance.

## 8 Sa mga hindi marunong ng wikang hapon

① May mga pagkakataon na hindi matugunan ang problema sa banyagang lengwahe sa window ng ward office, kung kaya't hanggat maaari ay magsama ng marunong ng wikang hapon.

② Dito sa Kobe International Community Center, kung kayo ay naninirahan sa loob ng Kobe City, maaaring makapagbigay ng makakasama sa ward office o city office ng taong marunong sa inyong lengwahe tulad ng Ingles, Intsik, Korean, Espanyol, Portoguese, Vietnamese, Filipino, Nepali, Thailand, Indonesia ng walang bayad, kumonsulta at makipag-ugnayan po lamang para sa reservation.

〈Tel〉078-742-8721 〈homepage〉https://www.kicc.jp/ja/aboutkicc